cognizancejournal.com
VIVIANE JOY P. DICANG *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 161-175
**(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)**
**ISSN: 0976-7797**
**Impact Factor: 4.843**
**Index Copernicus Value (ICV) = 77.57**

# MGA HAMONG KINAKAHARAP NG MGA MAG-AARAL SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA MAKRONG KASANAYAN SA PAGSASALITA

**[1]VIVIANE JOY P. DICANG; [1]HARLENE B. MOLINA**

[1]Graduate School Student
Baguio Central University
**DOI: 10.47760/cognizance.2023.v03i12.014**

**Abstrak**

Ang layunin ng pagsusuri na ito ay masusing maunawaan ang mga hamon na hinaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa larangan ng akademiks at sosyalisasyon. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa mga mag-aaral na may edad na labindalawa, kung saan lumalabas ang masusing pagbuo ng kanilang kakayahan sa komunikasyon. Isinagawa ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik sa isang pribadong paaralan sa Baguio City noong taong 2023-2024.

Sa aspeto ng akademika, ang pangunahing suliranin na naiulat ng mga mag-aaral ay ang pag-aatubiling magtanong kapag may hindi nauunawaan sa kanilang itinuturo. Sa sosyalisasyon, nasubok ang kanilang kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino at ang paghahalo ng iba't ibang wika tulad ng Ingles at Ilocano. Ito'y nagresulta sa pagiging mahiyain ng mga mag-aaral sa pagsagot sa resitasyon at sa kahirapan sa pag-uumpisa ng isang pag-uusap. Bilang tugon sa mga hamong ito, natuklasan sa pagsusuri na nag-aapply ang mga mag-aaral ng pagsasanay sa sarili upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino. Ang pag-aaral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng wikang Filipino hindi lamang sa larangan ng akademika kundi pati na rin sa kanilang pangsosyal na buhay. Sa kabuuan, ipinapakita ng pagsusuri na ang pagpapahalaga at paghubog ng kasanayan sa Filipino ay may malaking bahagi sa pag-unlad ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

***Keywords:*** *hamon sa pagtuturo ng filipino, filipino, pagsasanay, pagsasalita*

## Introduksyon

### Saligan ng Pag-aaral

Sa kasalukuyang panahon, isa ang Filipino sa itinuturing na wikang mahirap gamitin sa pakikipagtalastasan. Ito ay dahil sa kakulangan ng bokabularyo sa naturang wika, nakalilitong mga salita dulot ng mga panlaping nakapaloob rito at ang katatasan sapagkat hindi ito gaanong ginagamit na nakaaapekto sa kahusayan at katuwiran sa pagpapahayag. Ito ay mas kilala bilang 3K na Hamon (Katatasang

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved 

hamon; Kalagayan/ sitwasyunal na hamon; at Kakulangang hamon) sa pananaliksik na isinagawa ng grupo nina Valdez (2019).

Ang pagsasalita ay isa sa lima na makrong kasanayan kung kaya't ito ay isang kasanayang maaaring linangin. Una, kailangang may sapat na kasanayan sa pag-iisip ng mensahe sa pinakamaikling panahon. Ikalawa, kailangang may sapat na kasanayan sa paggamit ng mga kasangkapan sa pagsasalita tulad ng tinig, tindig, kumpas at iba pang anyong di-berbal (Winnie, 2013).

Ang pangalawang makrong kasanayang natutunan ng tao ay ang pagsasalita, ito ay ang kakayahang makipag-ugnayan at makipagtalastasan sa kapwa gamit ang iba't-ibang lenggawahe. Sapagkat ang pakikipagtalastasan sa kapwa ay nangangailangan ng mga salita at tunog, ayon kina Mejilla, F., Calero, L., at Saglado, K., (2014) sa kanilang pananaliksik na "The Methodological Strategies in the Learning Process of the English Language during the Second Semester of 2014 na dapat palawakin ng mga mag-aaral ang kanilang bokabularyo upang magkaroon ng malawakang pag-uunawaan. Sapagkat ang kakulangan ng salita sa bokabularyo ng mga mag-aaral ang isa sa nagiging hadlang sa pagtatamo ng kasanayang pagsasalita ay kinakailangang madagdagan ang mga ito. Kinakailangan din hasain ng mga mag-aaral ang kanilang pagbigkas sa mga salita sapagkat ayon kay Bryson (2003), sa paglalahad nina Mejilla, Calero, at Saglado (2014), ang hindi maayos na pagbigkas sa mga salita ang isa nakakasagabal upang ipaintindi ng isang mag-aaral ang kanyang mga ideya at saloobin. Nabibilang rin na kinakailangang alam ng mga mag-aaral ang tamang pagbuo ng pangungusap o ang grammar upang maging matiwasay ang kanyang pakikipag-usap sa ibang tao. Panghuli, ilan sa mga pag-aaral na ginawa sa paglinang ng kasanayang pagsasalita ay lumitaw ang estatehiyang pagpapakilala sa sarili (introduce yourself) o sa harap ng ibang tao.

Isa sa mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino ay paghalo ng ibang wika, tulad ng Ingles na naging isang kulturang popular. Ayon kina Aroco, Valdez, Viloria, at Wapan (2019), pormal itong kinilala bilang "conyo" na kombinasyon ng mga wikang Ingles at Filipino. Kapansin-pansing nagiging normal na ang ganitong pakikipagtalastasan ngunit hindi naman dapat lalo na sa mga pormal na usapan o sitwasyon.

Sa katunayan, ayon sa grupo nina Tactacon (2020), wikang Ingles ang pinakaginagamit na wika na may 42% sa 76 na bilang ng tumugon. Ito ay sinusundan ng Filipino na may 34%. Pinatutunayan nito na malaki ang impluwensiya ng kinalakihang wika (dayuhan o katutubo), pag-usbong ng makabagong teknolohiya at globalisasyon. Bilang resulta, hindi maikakaila na mayroong mga hamong kinakaharap ang mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino.

Ayon naman sa isang internasyonal na pananaliksik na isinagawa nina Rodriguez, Hernandez at Guerrero (2017) na pinamagatang "Analysis of the Factors that Influence the Lack of Speaking Skill in Students of Tenth Grade at Salvador Mendieta School during the Second Semester of 2017", ilan sa mga salik na nakakaapekto sa kasanayang pagsasalita ng mga mag-aaral na ay ang pagkukulang ng mga salita sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Kulang-kulang ang kanilang kaalaman sa pagbuo ng mga pangungusap (grammar), kawalan ng motibasyong magsalita sapagkat nahihiyang magkamali at panghuli ang ay kawalan ng

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

motibasyon dahil sa mga estratehiyang ginagamit sa loob ng paaralan na nagdudulot ng kawalan ng pagkukusang pag-aralan ng mga mag-aaral at hasain ang kanilang pagbigkas ng mga salita, pagbuo ng mga pangungusap at hasain ang kanilang bokabularyo.

Samantala, batay sa pananaliksik na isinagawa ni Aroco (2021) sa ating bansa, marami ang nahihirapan sa paggamit ng purong Filipino lalo na pagdating sa pang-angkop ng mga teknikal na ideya at salitang hiram mula sa Ingles. Bagaman umuunlad ang wikang Filipino sa pagdami ng mga akdang nasusulat dito, nanatili pa ring problema ang istandardisasyon nito at ang nangingibabaw ay wikang Ingles na lumalabas maging sa paggamit ng Taglish o paghalo ng Filipino at Ingles.

Sa isang pananaliksik naman ni Harven (n.d.) na pinamagatang, "Mga Suliraning Kinakaharap sa Pagsasalita ng Filipino" na isinagawa sa ating rehiyon, napag-alamang ang pangunahing suliraning kinakaharap ng mga Kalinga sa pagsasalita ng wikang Filipino ay ang pagpapalit nila ng ilang mga tunog o ponema na wala sa kanilang salita sa mga tunog na nagagamit sa wikang Filipino. Ang pagdala nila ng intonasyon, tono at diin ng kanilang unang wika kapag nagsasalita ng Filipino ay isa ding umiiral na suliranin. Ang epekto naman ng mga suliraning ito sa kanilang pag-aaral ng asignaturang Filipino ay ang pagkawala ng kanilang interes sa pagkatuto nito dahil sa takot na sila ay magkamali at pagtawanan. Ang napag-alamang solusyon sa mga suliraning ito ay ang mas maagang pagtuturo ng wikang Filipino. Malaki din ang gampanin ng guro sa pagbibigay motibasyon sa mga mag-aaral upang hindi tuluyang mawala ang kanilang interes sa pag-aaral ng Filipino.

Karagdagan, ang panghihikayat sa mga paaralan ng pagsasalita ng wikang Ingles ay nakaaapekto sa paggamit ng wikang Filipino sa pamumuno. Kaugnay sa pahayag ni Koo (2008) na ang wikang Ingles ay nagdadala ng masamang epekto sa kultura ng mga Pilipino sapagkat inihihiwalay nito ang mga Pilipino sa nakaraan, gayundin ay nagkakaroon ng pagtatangi sa mga taong may pinag-aralan. Pangalawa, karamihan sa mga gawain sa paaralan ay nasa wikang Ingles na lubos na nakaaapekto sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral.

Malinaw na ang wika ay isang mahalagang instrumento na ginagamit upang maiparating ang ating mga niloloob at kaisipan. Ito'y hindi lamang isang paraan ng pakikipag-usap sa kapwa, kundi ginagamit din ito upang makipagtalakayan at makapagbahagi ng opinyon at kaisipan. Sa buong kasaysayan, maraming mga bagay, sitwasyon at pangyayari na tumutukoy sa kahalagahan ng wika sa mga tao, sa kapaligiran at higit lalo na sa bansa.

Kaya isinagawa ang pananaliksik na ito upang makatulong sa mga guro. Magbibigay ng impormasyon ang pananaliksik na ito sa kanila tungkol sa mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita na maaari nilang maging basehan sa paggawa ng mga aktibidad na magbibigay solusyon upang mawakasan ang mga hamong ito.

Ayon nga kay Sebullen et. al (2023), napakahalaga ng papel na ginagampanan ng guro sa pagtuturo dahil malaki ang impluwensiya niya sa mga mag-aaral lalong-lalo na sa pagkatuto at sa paghubog sa katauhan ng mga ito. Kung

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved 

cognizancejournal.com
VIVIANE JOY P. DICANG *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 161-175
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

gayon, ang guro ay nararapat na magtaglay ng samu't saring kakayahan at kasanayan bilang tagapagpanday ng wika.

**Balangkas ng Konsepto**

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga impormasyon na may kaugnayan sa isinagawang pananaliksik. Ang mga kaisipan at konseptong nagmula dito ay nagsilbing batayan upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa isinagawang pananaliksik.

Ang mga makrong kasanayan ay tumutukoy sa pangunahin at pinakamalaking hanay ng kasanayang nauugnay sa isang partikular na konteksto. Ang kasanayang makro ay kinapapalooban ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at ang bagong dagdag na kasanayan na panonood.

Ang kasanayan sa pagsasalita ang pagbabahagi ng kaalaman at mensahe sa berbal na pamamaraan na mayroong tamang pagbigkas at tunog, wastong gamit ng gramatika nang sagayon ay maunawaan ng taong nakikinig ang kaalaman, damdamin at kaisipan na nais ipahiwatig ng nagsasalita (Saul, A.J.G. et al. ,2020). Bagama't hindi madaling matamo ang kasanayang ito, dahil nangangailangan ng kaalaman at lakas ng loob upang maging matagumpay ang pagsasalita. Ayon kay Richmond at 13 McCroskey, lumabas sa kanilang pag-aaral na 20% ng populasyon ang takot sa na magsalita sa harap ng maraming tao, isa sa dahilan nito ay kakulangan sa kaalaman.

Ang pagsasalita ay isa sa makrong kasanayan na ang layunin ay pagbibigay, pagbabahagi ng kaisipan at mensahe sa pamamagitan ng verbal na paraan, paggamit ng wika na may wastong tunog, tamang gramatika, upang malinaw na maipaliwanag ang damdamin at kaisipan. Ilan sa mga kahalagahan ng makrong kasanayan sa pagsasalita sa pagtuturo ng wika at gramatika ay nagsisilbing komunikasyon ng mga ideya at damdamin sa pamamagitan ng mga simbolong nakikita at naririnig mula sa guro. Nagiging kasangkapan din ito sa pagkakaunawaan, nakapanghihikayat ng saloobin at interes ng mag aaral. Ang pagsasalita ang susi sa pakikipagtalastasan sa kapuwa. Sa pamamagitan ng wika naipapahayag ng tao ang kaniyang saloobin at nakapagpapaliwanag sa pamamagitan ng salita. Isa sa suliranin sa pagsasalita ay ang kalidad ng bawat tunog ng salita sa ibat-ibang rehiyon sa Pilipinas kung kaya't dapat pag-ibayuhin ang pagtuturo ng tamang pagbigkas ng mga salita sa mga mag-aaral. Nalilinang ang kahusayan sa pagsasalita sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pananaw ng katuwirang may kabuluhan at kapakanang panlipunan, maibabahagi ang mga karunungang natatamo sa pamamagitan ng pakikipag-usap na mas higit na mabilis at marami, at magagamit sa iba't-ibang pagkakataon, kasama na ang mga wika at gramatika (Manalus, 2021).

**Paradim ng Pag-aaral**

Ang tunguhin ng pag-aaral na ito ay makikita sa Figyur 1. Ito ang magsisilbing gabay sa lubusang pag-unawa sa pag-aaral na ito. Ibinatay ang pagsusuri ng mga datos sa teoryang pangwika tulad ng diskurso at linggwistika.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved 

cognizancejournal.com
VIVIANE JOY P. DICANG *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 161-175
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ang input ng pag-aaral ay ang presentasyon ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa wikang Filipino. Ito ang magiging daan upang malaman ng mga mananaliksik ang hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino. Ang proseso ay gagamit ang mga mananaliksik ng sarbey kwestryoner na sasagutin ng mga mag-aaral upang malaman ang mga hamon sa pagsasalita at epekto nito sa mga mag-aaral. Ang awtput ng pag-aaral ay ang mabubuong pagsasanay sa pagsasalita at ang nilalaman ay batay sa kinalabasan ng pagsusuri sa mga nakuhang datos. Ang mga pagsasanay na mabubuo ay magiging interbensyon at awtput upang matugunan ang anumang magiging resulta ng pag-aaral.

| Input | | Proseso | | Output |
|---|---|---|---|---|
| Mga Hamong Kinakaharap ng mga Mag-aaral Sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Makrong Kasanayan sa Pagsasalita | ➡ | - Sarbey<br>Istadistikang pagtrato ng datos<br>Pagsusuri ng datos<br>Interpretasyon ng datos | ➡ | Pagsasanay sa Pagsasalita |

*Figure 1. Paradigm ng pag-aaral na nagpapakita ng ugnayan ng mga baryabol ng pag-aaral.*

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang matukoy ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino. Nilalayon nitong masagot ang mga sumusunod:

1. Ano ang hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino?
A. Pang-akademiko
B. Pang-sosyal
2. Ano ang epekto ng mga hamong ito sa mga mag-aaral?
A. Pang-akademiko
B. Pang-sosyal
3. Anong paraan ang ginagawa ng mga mag-aaral upang malutas ang mga hamong kanilang kinakaharap?

## Haypotesis ng Pag-aaral

Ang mga sumusunod na haka-haka ay nabuo upang masagot ang mga suliranin sa pag-aaral na ito.

1. Naipaghahalo ng mga mag-aaaral ang wikang Filipino sa ibang wika katulad ng Ingles o Ilokano.

cognizancejournal.com
VIVIANE JOY P. DICANG *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 161-175
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

2. Walang epekto.

## Pamamaraan at Disenyo ng Pananaliksik

Ilalahad sa kabanatang ito ang disenyo ng pag-aaral, populasyon at lokasyon ng pag-aaral, instrumento at paraan sa pangongolekta mga datos at ang pagtrato sa mga datos.

### Disenyo ng Pag-aaral

Gumamit ang mga mananaliksik ng deskriptibong paraan ng pananaliksik. Ayon sa isang artikulo ni Bhat (2023), ang deskriptibong pananaliksik ay isang paraan ng pananaliksik na naglalarawan ng mga katangian ng populasyon o phenomenon na pinag-aralan. Ilalarawan ang hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino at mga epekto nito sa mga mag-aaral. Ilalahad ang resulta sa pamamagitan ng tabular at tekstwal na paglalahad para malinaw na maipahayag ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral.

### Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa Genext School Leaders Foundation, Inc., taong panuruan 2023-2024. Ang mga mag-aaral na nasa ikaanim na baitang ang magiging tagatugon sa pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng random sampling upang pumili ng labinlimang mag-aaral na siyang magiging kinatawan ng mga tagatugon. Ayon kay Taylor (2015), ang random sampling ay ang walang batayan na pagpili ng isang maliit na grupo ng mga indibidwal mula sa isang buong populasyon. Nagbibigay ito sa bawat miyembro ng isang populasyon ng pantay at patas na posibilidad na mapili.

Pinili ng mga mananaliksik ang mga mag-aaral sa elementarya sapagkat nais malaman ng mga mananaliksik kung gaano katatas na makipagtalastasan sa Filipino ang mga bata sa henerasyon ngayon. Pinili rin ng mga mananaliksik ang mga bata na nasa edad na labindalawa sapagkat sa gulang na ito nahuhubog ang tunay na kakayahan ng isang indibidwal na makipagkomunikasyon sa kanyang kapwa. Ayon kay Appleton (2022), pagsapit ng labindalawang gulang, karamihan sa mga bata ay may mataas nang kasanayan sa wika at komunikasyon. Nagagawa nilang mag-isip nang higit sa literal na mga interpretasyon, at ang mga salawikain at idyoma ay maaari na nilang maintindihan.

### Instrumento sa Pangongolekta ng Datos

Ang mga instrumentong ginamit sa pagkalap ng mga kinakailangang datos sa pag-aaral ay sarbey kwestyoner na inihanda ng mga mananaliksik. Ang sarbey kwestyoner ay nahati sa tatlong parte na naglalaman ng mga hamon at epekto nito sa mga mag-aaral, gayun din ang mga paraan na ginagawa ng mga mag-aaral upang malutas ang mga hamong kanilang kinakaharap sa pagsasalita. Ang sarbey kwestyoner ay ginamitan ng apat na puntusang eskala.

**Paraan ng Pangongolekta ng Datos**

Sa pangangalap ng mahahalagang datos, ang mga mananaliksik ay bumuo ng isang liham na humingi ng pahintulot sa punong-guro ng paaralan na maipamudmod ang gamit sa pangangalap ng datos sa mga mag-aaral na saklaw ng pag-aaral. Pagkatapos payagan ay ipinamahagi ng mga mananaliksik ang sarbey kwestyoner upang sagutan ng mga tagatugon.

**Pagsusuring Estadistika**

Ang mga datos na nilikom ay itinala at pinag-aralan ng masusi upang masuri ayon sa kinalabasan ng istatistika na ginamit sa mga bahagdan, kabuuang bigat at ranggo.

Ang pag-aaral na ito ay ginamit ang limang puntusang eskala sa rubrik at sarbey kwestyoner upang ipakita ang interpretasyong ginamit sa pagsusuri. Ang interpretasyon
at implikasyon ay nakaangkla sa resulta ng mga sumusunod:

| Halaga ng Bilang | Limit ng Istatistika | Katumbas na Paliwanag | Simbolo |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.26 – 4.00 | Lubos na Sumasang-ayon | LnS |
| 3 | 2.51 – 3.25 | Sumasang-ayon | S |
| 2 | 1.76 - 2.50 | Hindi Sumasang-ayon | HS |
| 1 | 1.0 – 1.75 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon | LnHS |

Ang natimbang na kabuuang bigat at ranggo ang ginamit sa deskriptibong paglalarawan sa istatistika sa pag-aaral na ito. Ang pormula para timbangin ang kabuuang bigat ay ang sumusunod:

Weighted Mean

$$WM = \frac{TWP}{N}$$

Where:

WM = weighted mean
TWP = total weighted points
N = number of respondents

## Resulta at Pagtalakay

Inilahad sa kabanatang ito ang resulta, pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap tungkol sa pag-aaral ng mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang FIlipino, epekto ng mga hamong ito at mga paraan upang malutas ang mga hamong ito.

**Hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino**

Inilahad sa Talahanayan 1.1 ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-akademiko. Batay sa

cognizancejournal.com
VIVIANE JOY P. DICANG *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 161-175
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

nakalap na datos, ito ay may kabuuang bigat na 2.55 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga hamon na nailahad.

Ayon sa mga tagatugon, lubos na sumasang-ayon sila sa sa hamong nahihiyang magtanong kapag mayroong hindi naunawaan sa klase na may pinakamataas na bigat na 3.53.

*Talahayanan 1.1. Hamon sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-akademiko*

| Salik | WM | DE | R |
|---|---|---|---|
| Nahihirapan ako tuwing may gawaing pagtatanghal (tula, dula, sabayang pagbigkas at iba pa). | 2.31 | HS | 7 |
| Nahihirapan akong bumigkas o magbasa ng mga teksto. | 1.57 | LnHS | 10 |
| Nababahala akong mag-ulat sa harap ng klase. | 2.47 | HS | 6 |
| Nangangapa ako ng mga salitang gagamitin tuwing may resitasyon sa klase. | 3 | S | 3 |
| Hindi ako sigurado sa mga kahulugan ng mga salitang ginagamit ko. | 2.53 | S | 5 |
| Nahihirapang akong makipag-ugnayan sa tuwing may pangkatang gawain. | 2.17 | HS | 8 |
| Nahihirapan sa ako pagsasaayos ng mga ideya kapag ako ay nagsasalita sa Filipino. | 3.10 | S | 2 |
| Nahihiya akong magtanong kapag may hindi ako naintindihan sa klase. | 3.53 | LnS | 1 |
| Wala akong sapat na bokabularyo sa Filipino. | 2.83 | S | 4 |
| Nahihiya akong matukso ng kaklase dahil hindi ako bihasa sa pagsasalita ng Filipino. | 2 | LnHS | 9 |
| **Kabuuang Bigat** | **2.55** | **S** | |

Legend:

| Halaga ng Bilang | Limit ng Istatistika | Katumbas na Paliwanag | Simbolo |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.26 – 4.00 | Lubos na Sumasang-ayon | LnS |
| 3 | 2.51 – 3.25 | Sumasang-ayon | S |
| 2 | 1.76 - 2.50 | Hindi Sumasang-ayon | HS |
| 1 | 1.0 – 1.75 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon | LnHS |

Batay sa resulta, ang nahihiyang magtanong sa guro para sa paglilinaw ng paksang pinag-aaralanan ang pinakahamon sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino ng mga mag-aaral sa salik na pang-akademiko. Isa sa mga pinaka-halatang dahilan kung bakit hindi gustong magboluntaryo ng isang mag-aaral na itaas ang kanyang kamay upang magtanong ay dahil siya ay nahihiya. Ang pagiging mahiyain ay isang malaking hadlang sa maraming mga mag-aaral upang maintindihan ng maigi ang paksang kanilang pinag-aaralan. Inilarawan ng isang estudyante ang pagiging mahiyain sa paaralan sa ganitong paraan: Sa palagay ko, kung hindi ako nahihiya nang sobra mas marami sana ang ginawa ko sa paaralan. Nagkaroon sana

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved 

COGNIZANCE JOURNAL
cognizancejournal.com
VIVIANE JOY P. DICANG *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 161-175
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

ako ng malinaw at bukas na isipan upang mas maunawaan ang mga bagay-bagay, at magkakaroon ako ng lakas ng loob na lumahok sa talakayan at magtanong.

Maraming dahilan kung bakit nahihiyang magtanong ang isang mag- aaral tungkol sa paksang pinag-aaralan, isa na nga dito ang mahirap na pagbuo ng tanong dahil sa kakulangan ng mga alam na salita o kaunting kaalaman sa gramatika ng wikang ginagamit (Sebullen, 2023). Ang pagiging mahiyain ng mga mag-aaral ay isang napakalaking hamon sa pakikipagtalastasan at kailangang bigyang solusyon. Malaking tulong kung gagawa ng mga paraan ang mga guro upang ito ay kanilang malagpasan o tuluyan itong matuldukan.

Nakasaad naman sa Talahanayan 1.2 ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino sa salik na pangsosyal na mayroong kabuuang bigat na 2.54 na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga hamong nailahad sa salik na pangsosyal.

Mula sa Talahanayan 1.2, nangunguna sa ranggo ang naipaghahalo ang ibang wika na may bigat na 3.80 na may katumbas na paliwanag na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa hamong ito sa salik na pangsosyal.

*Talahayanan 1.2. Hamon sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pangsosyal*

| Salik | WM | DE | R |
|---|---|---|---|
| Maling salita ang nagagamit ko sa pagpapahayag. | 2.33 | HS | 7 |
| Kulang ang mga salitang ginagamit ko sa pagpapahayag ng mga ideya. | 3.57 | S | 2 |
| Hindi madalas gamitin ng mga kakilala at kaibigan ko ang wikang Filipino sa pakikipag-usap. | 1.47 | LnHS | 9 |
| Naipaghahalo ko ang ibang wika tulad ng Ingles o Ilokano. | 3.80 | LS | 1 |
| Wala akong sapat na bokabularyo sa Filipino. | 3.21 | S | 3 |
| Mali ang pagbigkas ko sa mga salita. | 2.93 | S | 4 |
| Pinagtatawanan ako kapag sumusubok akong magsalita sa Filipino. | 1 | LnHS | 10 |
| Nahihirapan ako sa pagbibigay diin sa mga salita. | 2.53 | S | 5 |
| Nadadala ang ko tono ng ibang wika sa pagbigkas ng mga salita sa Filipino. | 2.10 | HS | 8 |
| Ako ay nauutal sa pakikipag-usap gamit ang wikang Filipino. | 2.45 | HS | 6 |
| **Kabuuang Bigat** | **2.54** | **S** | |

Legend:

| Halaga ng Bilang | Limit ng Istatistika | Katumbas na Paliwanag | Simbolo |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.26 – 4.00 | Lubos na Sumasang-ayon | LnS |
| 3 | 2.51 – 3.25 | Sumasang-ayon | S |
| 2 | 1.76 - 2.50 | Hindi Sumasang-ayon | HS |
| 1 | 1.0 – 1.75 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon | LnHS |

Batay sa kinalabasan ng pagsusuri, ang naipaghahalo ang ibang wika tulad ng Ingles at Ilocano sa wikang Filipino ang pinakahamong kinakaharap ng mga mag-

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved 

aaral sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pangsosyal. Hindi maikakaila ang hamong ito dahil laganap ito sa halos lahat ng nagsasalita ng wikang Filipino, ayon nga kay Naya (2009), hindi na uso ngayon ang magsalita ng purong Filipino. Masyado na itong nahahaluan ng ibang mga linggwahe kaya nawawala na ang kakanyahan at pinakadiwa nito. Tulad ngayon, hindi na natin masabi sa nagtitinda sa palengke na, “Kukuha lang po ako ng pera sa aking tampipi.” Baka mahulog pa siya sa kanyang kinauupuan at sabihing, “Nosebleed! Ang lalim mo namang magsalita.” Sa nagdaan na mga dekada, maraming mga bagay ang nag-impluwensya sa pagbabago ng ating wikang Filipino.

Uso na sa panahon ngayon ang mga Hollywood movies, American TV series, at modern music na gumagamit ng wikang Ingles. Sa panonood at pakikinig ng mga ito, mas nasasanay tayo sa wikang Ingles, at gayundin, mas lagi nating ginagamit ito. Dahil sa madalas nating pagsubaybay ng mga ito, kadalasan na nating nagagamit o naipaghahalo ang Ingles sa Filipino. Maliban dito, nagagaya na rin natin ang tono ng kanilang pananalita.

**Epekto ng mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino**

Sa talahanayan 2.1, ang mga epekto ng mga kinakaharap na hamon ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-akademiko ay mayroong 2.57 na kabuuang bigat na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga epekto na nailahad sa salik na pang-akademiko. Ayon sa mga mag-aaral, lubos na sumasang-ayon sila sa epektong nahihiyang sumagot sa resitasyon na may pinakamataas na bigat na 3.73.

*Talahayanan 2.1. Epekto ng mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa salik na pang-akademiko*

| **Salik** | WM | DE | R |
|---|---|---|---|
| Nakakakuha ako ng mga mababang marka sa mga asignaturang Filipino ang wikang panturo. | 2.53 | S | 3 |
| Nahihirapan akong ipahayag ang aking mga opinyon o idea. | 3.67 | LnS | 2 |
| Nahihiya akong sumagot sa resitasyon. | 3.73 | LnS | 1 |
| Nahihirapan akong magtanong sa klase kung may mga bagay man na hindi ko naunawaan. | 3.41 | LnS | 4 |
| Nahihirapan akong initindihin ang mga aralin. | 2.67 | S | 6 |
| Hindi ako makasabay sa talakayan ng klase. | 2.86 | S | 5 |
| Hindi ko gusto ang asignaturang Filipino. | 2.53 | S | 7 |
| Nawawalan ako ng interes sa talakayan. | 2.20 | HS | 8 |
| Limitado ang aking pakikiisa o pakikilahok sa klase sa kabila ng kagustuhang makibahagi. | 1.13 | LnHS | 9 |
| Kinatatakutan o kinaiinisan ko ang aming guro sa Filipino | 1 | LnHS | 10 |
| **Kabuuang Bigat** | **2.57** | **S** | |

Legend:

| Halaga ng Bilang | Limit ng Istatistika | Katumbas na Paliwanag | Simbolo |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.26 – 4.00 | Lubos na Sumasang-ayon | LnS |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3 | 2.51 – 3.25 | Sumasang-ayon | S |
| 2 | 1.76 - 2.50 | Hindi Sumasang-ayon | HS |
| 1 | 1.0 – 1.75 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon | LnHS |

Lumabas na ang nahihiyang sumagot sa resitasyon ang pinaka-epekto ng mga kinakaharap na hamon ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-akademiko. Ayon kina Murray & Ganim (2017), maraming mga bata ang hindi komportable na magsalita sa klase. Kapag tinanong ang mga batang ito ay madalas nilang agad na inaalis ang mata sa guro, magkukunwaring malalim ang iniisip, magsusulat ng mga bagay sa kanilang kuwaderno, mamimilipit sa kanilang upuan, o sisikuhin ang kanilang katabi sa pagtatangkang makaabala sa iba. Mas gusto ng isa sa limang batang babae na huwag itaas ang kanilang kamay para magsalita upang maiwasang mapansin ang kanilang hitsura. Isang-katlo ng mga batang lalaki ay nahihirapang magsalita nang malakas sa klase. Ang mga dahilan ng pagiging mahiyain na magsalita sa klase ay iba-iba, at maaaring kabilang ang kahirapan sa wika o pag-aaral, pagkabalisa, kondisyon, mga isyu sa konsentrasyon, hindi nagawa ang kinakailangang gawain, hindi naiintindihan ang paksa, o hindi naririnig ang tanong.

Nakalahad naman sa Talahayanan 2.2. ang epekto ng mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa salik na pangsosyal na may 2.42 na kabuuang bigat na may katumbas na paliwanag na hindi sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga epektong nabanggit.

Mula sa Talahanayan 2.2, ang may pinakamataas na bigat ay ang epektong nahihirapang magsimula ng usapan na 3.67.

*Talahayanan 2.2. Epekto ng mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa salik na pangsosyal*

| **Salik** | WM | DE | R |
|---|---|---|---|
| Nahihirapan akong magsimula ng isang pag-uusap. | 3.67 | LnS | 1 |
| Hindi ko naipapahayag ang kaisipan sa wikang Filipino. | 2.87 | LnS | 3 |
| Nahihirapan akong unawain ang kausap. | 3.20 | S | 2 |
| Umiiwas ako sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino. | 2.73 | S | 4 |
| Nawawalan ako ng interes sa pakikipag-usap gamit ang wikang Filipino. | 2.20 | HS | 7 |
| Nahihirapan akong ipahayag ang aking damdamin sa ibang tao. | 2.60 | S | 5 |
| Nagiging mababa ang aking kumpiyansang makipag-usap. | 2.43 | S | 6 |
| Pinipili kong mapag-isa. | 1 | LnHS | 10 |
| Tinutukso ako ng ibang tao dahil sa paraan ng pagbigkas ng mga ko ng salita mga salita sa Filipino. | 1.46 | LnHS | 9 |
| Nahihirapan akong ipahayag ang aking damdamin sa ibang tao. | 2.06 | HS | 8 |
| **Kabuuang Bilang** | **2.42** | **HS** | |

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

Legend:

| Halaga ng Bilang | Limit ng Istatistika | Katumbas na Paliwanag | Simbolo |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.26 – 4.00 | Lubos na Sumasang-ayon | LnS |
| 3 | 2.51 – 3.25 | Sumasang-ayon | S |
| 2 | 1.76 - 2.50 | Hindi Sumasang-ayon | HS |
| 1 | 1.0 – 1.75 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon | LnHS |

Batay sa pagsusuri, ang nahihirapang magsimula ng isang pag-uusap ang pinaka-epekto ng hamong kinakaharap ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino sa salik na pangsosyal. Maraming tao ang hindi mahilig makipag-usap, lalo na ang maliit na usapan. Iniisip ng ilan na hindi sila magaling dito. Ang ilan ay nahihiya. Ngunit hangga't nasusunod nila ang mga pamantayan sa pakikipag- usap, sinusunod ang sinasabi ng mga tao, at nagsasalita sa paraang may katuturan, ayos lang ang karamihan. Gayunpaman, hindi lahat ay may mga kasanayang iyon. May mga taong talagang nahihirapang makipag-usap sa iba lalo na kung sila ang magsisimula ng pag-uusap. Ang problemang ito sa pakikipagtalastasan ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa pagpapahalaga sa sarili. Maaari rin itong maging dahilan upang mahirap silang makisabay sa ibang tao at makipagkaibigan. Maaari rin nitong gawing target ang mga tao para gawing katatawanan (Vierstra, n.d.).

Ayon Schumann (n.d) ng UCLA's Department of Applied Linguistics, kapag ang pinag-uusapan naman ay ang pagiging pangalawang wika ng wikang Filipino, nagiging malaki talaga ang epekto na magsimula sila ng isang pag-uusap. Ang mga mag-aaral na nag-aaral ng pangalawang wika ay kadalasang nahihirapang ipahayag ang kanilang sarili kung wala silang ganap na kaalaman sa wikang iyon. Dagdag pa niya, ito ay maaaring humantong sa pagkabalisa at makaapekto sa kanilang kakayahang matuto.

**Paraang ginagawa ng mga mag-aaral upang malutas ang hamong kanilang kinakaharap**

Makikita sa talahanayan 3, ang mga paraang ginagawa ng mga mag-aaaral upang malutas ang kanilang mga hamong kinakaharap ay mayroong 3.09 na kabuuang bigat na may katumbas na paliwanag na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga paraang inilahad.

Ayon sa mga tagatugon, lubos na sumasang-ayon sila sa paraang sinasanay ang sarili na magsalita sa wikang Filipino na may pinakamataas na bigat na 3.87.

*Talahayanan 3. Paraang ginagawa ng mga mag-aaaral upang malutas ang kanilang mga hamong kinakaharap*

| Salik | WM | DE | R |
|---|---|---|---|
| Nagbabasa ako ng mga tekstong nakasulat sa Filipino. | 3 | S | 7 |
| Sinasanay ko ang aking sarili na magsalita sa Filipino. | 3.87 | LnS | 1 |
| Nakikinig ako sa mga programang gumagamit ng wikang Filipino. | 3.07 | S | 5 |
| Nanunuod ako ng mga halimbawa ng balagtasan, spoken | 2.73 | S | 9 |

cognizancejournal.com
VIVIANE JOY P. DICANG *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 161-175
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

| | | | |
|---|---|---|---|
| poertry, at iba pa. | | | |
| Nagsasaliksik ako ng mga salitang Filipino na maaring magamit sa pakikipagtalastasan. | 2.67 | S | 10 |
| Gumagawa ako ng sariling talaan ng mga salita sa Filipino para sa pagsasanay. | 3.29 | LnS | 2 |
| Nakikipag-usap ako sa mga kaklase o kaibigan gamit ang bagong natutunang salita sa Filipino. | 3.11 | S | 4 |
| Inililista ko ang mga hindi pamilyar na salita sa Filipino at sinasaliksik. | 3.13 | S | 3 |
| Nagsusulat ako ng kuwento, tula, o sanaysay gamit ang wikang Filipino. | 2.93 | S | 8 |
| Humihingi ako ng payo sa mga bihasa o maranung sa Filipino. | 3.06 | S | 6 |
| **Kabuuang Bilang** | **3.09** | **S** | |

Legend:

| Halaga ng Bilang | Limit ng Istatistika | Katumbas na Paliwanag | Simbolo |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.26 – 4.00 | Lubos na Sumasang-ayon | LnS |
| 3 | 2.51 – 3.25 | Sumasang-ayon | S |
| 2 | 1.76 - 2.50 | Hindi Sumasang-ayon | HS |
| 1 | 1.0 – 1.75 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon | LnHS |

Batay sa kinalabasan, ang pagsasanay sa sarili na magsalita ng Filipino ay ang isa sa mga kadalasang paraang ginagawa ng mga mag-aaral upang mahasa sila sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino. Bilang pagsuporta, ayon sa Tandem (2017), ang pagsasanay sa pagsasalita ay isang bagay na garantisadong magpapabilis sa proseso ng pagkatuto ng wika.

Sa isang pag-aaral mula sa Sprachcaffe na paaralang pangwika, mahigit 90% ng 2000 estudyanteng nag-aral ang nagsabing nalaman nilang ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao ang pinakakapaki-pakinabang na paraan sa pagkatuto ng wika.

Hindi rin maikakaila na makakatulong sa pagsasanay na magsalita ang mga binibigay na mga gawain ng mga guro sa paaralan. Ayon kay Badayos (1999), dapat magbigay ang mga guro ng mga gawaing magsasanay sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral at kailangan ding hamunin ang mga mag-aaral na magpahayag ng sarili sa Filipino. Marapat ding bigyan nang maraming pagkakataon ang mga mag-aaral na makipagtalastasan sa kanilang mga kaklase.

Upang masuportahan ang mga mag-aaral sa kanilang pagsasanay na magsalita sa Filipino nararapat malaman ng mga guro na mas mahalaga ang mga pagsasanay sa pakikipagtalastasan sa pagtuturo ng wika kaysa sa pagtuturo ng mga tuntunin o batas sa balarila, na ang wika ay paraan ng pagsasalita ng mga taong gumagamit nito (Belvez, 1999, na hinango ni Bayani, n.d).

Isang mahalagang aspekto ng pagkatuto ng mga kasanayan sa pagsasalita ay may kinalaman sa matalinong paggamit ng iba't ibang kaparaanan ng interaksyon sa klase dagdag ni Kidlo et. al (2023). Halimbawa lamang ng whole class mode na kung saan namomonitor ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita at kung

kailangan ng mas mahabang oras ang bawat isa sa pagsasalita ay nararapat gamitin ang pares-pares na pagsasanay sa pagsasalita.

## Konklusyon at Rekomendasyon

Ang konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral na ito ay napagtanto pagkatapos ng masusing pagsusuri at pagbibigay kahulugan sa mga nakalap na impormasyon at datos.

### Konklusyon

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod:

1. Ang hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino sa salik na pang-akademiko ay ang nahihiyang magtanong kapag may hindi naunawaan sa paksang pinag-aralan habang sa salik na pangsosyal naman ay ang naipagpapahalo ang ibang wika (Ingles, Ilocano at iba pa).
2. Ang epekto ng mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa salik na pang-akademiko ay ang nahihiyang sumagot sa resitasyon habang sa salik na pangsosyal naman ay nahihirapang magsimula ng isang pag-uusap.
3. Ang mga paraang ginagawa ng mga mag-aaral upang malutas ang mga hamong kanilang kinakaharap ay ang sinasanay ang sarili na magsalita sa Filipino.

### Rekomendasyon

Mula sa nabuong konklusyon, nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Sanayin ang sarili sa paggamit ng wikang Filipino lamang sa pakikipagtalastasan at ugaliin ang pagtatanong sa guro.
2. Palawakin ang kaalaman tungkol sa wikang Filipino sa pamamagitan ng pagbabasa at pagkatiwalaan ang sarili.
3. Mag-ensayo pa lalo upang mahasa ang kasanayan sa pakikipag-usap gamit ang wikang Filipino.
4. Para sa mga Curiculum developers, magpatupad ng mga aktibidad o magdisenyo ng mga programang nakatuon sa pagpapayaman sa wikang Filipino at nakalilinang sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino.
5. Para sa mga guro, bigyang pansin ang mga kaganapan sa loob ng silid- aralan at magpatupad ng tuntunin na kontra “language discrimination.” Maglaan ng oras para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalastasan at tulungan silang tuldokan ang kahinaang ito. Panghuli, magdisenyo ng mga aktibidad na hihikayat sa mga mag- aaral upang lalong mahasa ang kanilang kasanayan sa pagsasalita.
6. Para sa mga magulang, maglaan ng oras para sa mga mag-aaral at alamin ang mga kaganapan sa klase upang malaman ang kanilang kalagayan at mabigyan sila ng gabay lalo na sa mga bagay na sinusubok ang kanilang kakayahan, kasanayan at kumpiyansa sa sarili. Bukod pa sa mga nabanggit, aktibong makilahok sa mga pagpupulong na ginaganap sa paaralan upang magkaroon ng ideya sa pagganap, pag-uugali, kalakasan at kahinaan ng mga mag-aral.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved 

cognizancejournal.com
VIVIANE JOY P. DICANG *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 161-175
**(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)**
**ISSN: 0976-7797**
**Impact Factor: 4.843**
**Index Copernicus Value (ICV) = 77.57**

# REFERENCES


1. Base, A. P., Guzman, A. M. D., Killa, M. T., Lumbiag, J. R., Lunag, J. L., Pascaden, P. B., & Sebullen, M. T. SALIK SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA ELEMENTARYA: ISANG PAGSUSURI SA LUNGSOD NG BAGUIO. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(11), 9–18. https://doi.org/10.47760/COGNIZANCE.2023.V03I11.002
2. Kidlo, R. B., Winnie, P. S., Orowan, N. N., Orie, B. M., Tubao, L. C., & Sebullen, M. T. (2023). Evaluating DEAR and BAG-IW for elementary grade learners' reading comprehension: An action research. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(11), 246-258. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.017
3. Khan, S. N. (2014). Qualitative research method - Phenomenology. Asian Social Science, IV(21), 298-310.
4. Mede, J. (n.d.). Pagtuturo at Pagtataya sa Makrong Kasanayang Pangwika. Simulain sa Pagtuturo ng Pagsasalita, 31
5. Bayani, R. (n.d.). Kontribusyon ng Wika sa Pagkatuto. Hinango mula sa https://www.coursehero.com/file/p6r8ho8/Makikita-ang-kontribusyon- ng-wika-sa-pagkatuto-dahil-sa-kahalagahan-nito-sa/
6. Cherry, K. (2011). How Does the Cross-Sectional Research Method Work? Very Well Mind. Hinango mula sa https://www.verywellmind.com/what-is-a-cross-sectional-study-2794978
7. De Chaves, A. (2018). PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG- AARAL SA PAARALAN. Academia. Hinango mula sa https://www.academia.edu/40167448/PAGGAMIT_NG_WIKANG_FILPINO_NG_MGA_MAG_AARALSA_PAARALAN_Batangas_Country_Club
8. Harven, G. (n.d.). Mga Suliraning Kinakaharap sa pagsasalita ng Filipino. Hinango mula sa https://www.coursehero.com/file/45984318/Mga-Suliraning-Kinakaharap-sa- pagsasalita-ng-Filipinodocx/
9. McConville, K. (2019). LANGUAGE BARRIERS IN THE CLASSROOM: FROM MOTHER TONGUE TO NATIONAL LANGUAGE. Concern USA. Hinango mula sa https://www.concernusa.org/story/language-barriers-in-classroom/
10. Murray E. & Gamin, Z. (2017). Students who don't speak up in class. Psych4Schools. Hinango mula sa https://www.psych4schools.com.au/blog/speakupclass/
11. Naya (2009). WIKANG FILIPINO: isang nalalantang wika. Blogspot. Hinango mula sa https://dugongpilipino-naya.blogspot.com/2009/11/wikang-filipino-isang-nalalantangwika.html?fbclid=IwAR3JVtW8Ors9TZwmrQ8NNO5anrMoSXnTNgvBw_qCZnhFNcbptTr1KEc0qw
12. SEBULLEN, MT. (2023). Lesson Planning Challenges of Pre-Service Teachers. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies (CJMS), 3(5), 19–29. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i05.003
13. Sherman, C. (2020). Shyness. Kids Health. Hinango mula sa https://kidshealth.org/en/teens/shyness.html
14. Tactacon, M. (2020). Kalagayan ng Wikang Filipino samga Kabataan sa Kasalukuyang Panahon: Isang Analisasyon. Couse Hero. Hinango mula sa https://www.coursehero.com/file/94174852/texttxt/?fbclid=IwAR2t7ymhCC4WlZi7l1BgM0WFEXSeEAEwGBR0d_jZDo6DIyKMxLwDtGr_MU
15. Tenney School (2016). When Students Do Not Ask Questions in Class. Tenney School. Hinango mula sa https://tenneyschool.com/when-students-do- not-ask-questions- in-class/
16. Valdez, J. et al. (2019). PILIPIT AT PINIPILIT: Karanasan ng Mag aaral sa Pagsasalita ng Filipino. Academia. Hinago mula sa https://www.academia.edu/41923494/PILIPIT_AT_PINIPILIT_Karanasan _ng_ Mag_aaral_sa_Pagsasalita_ng_Filipino?fbclid=IwAR2AcyZJ5kcbFpJIEsoX9x9pl8PcvUgyCsbfQSPB6NtotZFBTvcKmMIXE9I
17. Vanegas Rojas, M., Fernández Restrepo, J. J., González Zapata, Y. A., Jaramillo Rodriguez, G., Muñoz Cardona, L. F., & Ríos Muñoz, C. M. (2016). Linguistic Discrimination in an English Language Teaching Program: Voices of the Invisible Others. Íkala, Revista De Lenguaje Y Cultura, 21(2), 133–151. Hinango mula sa https://doi.org/10.17533/udea.ikala.v21n02a02
18. Vierstra, G. (n.d.). Trouble making conversation: Why it happens. Understood. Hinango mula sa https://www.understood.org/articles/en/trouble-making-conversation